## Kabanata 4:
## PAMILYA DIPASUPIL

"*HAPPY BIRTHDAY TO* YOU!" Hinipan na ni Iska ang kandila sa ibabaw ng *chocolate cake* na handa niya. Si Tiya Oyang ang pumilit sa kaniya na lumabas upang magsaya para sa kaniyang kaarawan. Kung wala ang tiyahing ito, siguradong hindi na siya lalabas. Siguro, sasabihin na lang niya na masakit ang tiyan niya o kaya masakit ang ulo. Ganoon. Buti na lang may isa siyang tiyahing nakakaramdam sa emosyon ng iba.

Mula pagkabata, sama-sama nilang ipinagdiriwang ang *birthday* niya. Laging *present* siyempre ang mga luto ni Lola Dada. Si Tita Ela niya naman ang nakatoka sa *decorations* gaya ng lobo, pasabit, at iba pa. Si Mommy Jo naman ang tagabili ng lahat ng sahog na niluluto ni Lola. Laging *invited* sa *birthday* niya si Jane. Kapitbahay niya lang ito kaya naman madali lang pumunta ang pamilya nito sa kanila. Wala nang masyadong iniimbitahan si Iska.

Simple lang naman ang handa nila. Nagluto lang ng pansit si Lola Da. Si Tiya Oyang naman ang bumili ng *cake* mula sa isang sikat na *bakery* sa bayan nila. Si Mommy Jo naman umorder ng isang bilaong puto na iba-iba ang kulay. May nilagay naman na lobo na numbers 1 at 6 si Tita Ela na hinawakan naman ni Iska for *picture taking*.

Balak niya sanang imbitahin si Joshua ngayong araw, kaya lang. Wala na sila. May mga bagay talaga na hindi nangyayari nang ayon sa plano.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 66 11/20/2024 8:06:38 AM

Ayaw niya na munang isipin ang binata. Baka maluha na naman siya. Siyempre, mapapansin agad iyon ng lahat.

Nakasuot ng pulang bestida si Iska. Kinulot ni Tita Ela ang buhok niya. Nilagyan din siya ng *makeup*. Kagaya noong *graduation* niya. Binihisan at inayusan siya ng mga tiyahin na akala mo ay si Iska na bata pa rin sa kanilang paningin. Buti na lang, hindi halata na umiyak siya kanina.

Iniabot ni Mommy Jo ang regalo niya kay Iska. Isa itong maliit na *box*. Kulay itim ang maliit na box na kasya lang sa palad ni Mommy Jo. May pulang *ribbon* lang din na itinali rito. Lahat ng bisita sinubukang hulaan kung ano iyon.

"Singsing? Hikaw? Kuwintas?" Ito ang mga hula ni Tiya Oyang. "Wow naman, Ate!" Akala mo naman hindi alam ni Tiya Oyang ang laman ng *box* na iniabot ni Mommy Jo kay Iska.

Binuksan ni Iska ang kahon. Sa mga mata niya, kumikinang-kinang ang *silver* na kuwintas sa loob ng *box*. May palawit ito na buwan, araw, at bituin. Inilabas ni Iska ang kuwintas sa *box* at sinubukang isuot sa sarili. Nang mapansin ni Mommy Jo na hindi niya agad maisuot ito, kinuha niya ang kuwintas at isinuot kay Iska.

Tiningnan ni Iska ang sarili sa salamin na nakasabit sa likod ng pinto. Napakaganda nga ng kuwintas sa kaniya. Parang *magic* ang dalang *vibes* nito nang isuot niya. Pakiramdam ni Iska, lumakas ang ihip ng hangin at pumasok sa loob ng kanilang bahay. Pakiramdam niya, kaya niyang lumipad at lumukso nang napakataas. *Exaggerated* lang siguro dahil masaya siya sa araw na ito sa kabila ng lahat ng nangyari sa kanila ni Joshua.

Pagsuot pa lang ni Iska ng kuwintas, unti-unti niyang narinig ang patak ng ulan sa kanilang bubong. Lumalakas pa ang mga patak na tila may bagyong paparating. Hindi na normal ang ihip ng hangin. Lumalamig na ang dampi ng hangin sa braso ni Iska. Mas lumakas pa ang ihip nito. *May malakas bang bagyong parating?*

"Ingatan mo 'to. Regalo naming tatlo 'yan sa 'yo," paliwanag pa ni Mommy Jo.

Inayos ni Iska ang pagkakalagay ng kuwintas sa kaniyang leeg. Kinabahan si Mommy Jo sa pagkulog at pagkidlat pero nakikita niya ito bilang isang magandang senyales sa pagtanggap ni Iska sa kuwintas.

Niyakap niya si Mommy Jo. Nagpasalamat siya.

Nginitian naman siya ng ina at inayos rin nito ang kuwintas. "Huwag ka lang sa akin magpasalamat. Regalo naming tatlo 'yan sa 'yo."



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 67 11/20/2024 8:06:38 AM

Ngumiti naman si Tiya Oyang at Tita Ela sa kaniya. Pero sa loob-loob nilang dalawa, kinakabahan sila dahil ang pagtanggap ni Iska sa kuwintas at ang pagka-labing anim na taon nito ay isang hudyat sa tunay na pagkadalaga ng pamangkin. Natatakot sila ngunit mas nananaig pa rin ang tiwalang magiging maayos ang pagdating ng mga susunod na araw.

"Magandang kuwintas 'yan, Iska. Bagay 'yan sa kahit anong damit," dagdag pa ni Tita Ela na hindi halatang mahilig sa fashion. "Huwag na huwag mong huhubarin iyan simula ngayon, ha."

"Ah basta, Iska. Ang akin lang. 'Wag mong iwala 'yan. Lagot ka," paalala ni Tiya Oyang.

Natawa si Lola Da dahil napaka-hands on talaga ng dalawang tiyahin ni Iska sa kaniya. Dalaga pa ang dalawa. Mukhang matagal-tagal pang magkakakaasawa si Oyang dahil halos nalugmok na ito sa pag-aaral habang nagtuturo ng Biology. Nagtuturo siya sa Antipolo Parochial School. Samantalang si Ela naman, nagtatrabaho bilang isang *pharmacist* sa bayan. Hindi na ito lumayo sa bahay nila. Si Jo naman ay nagtatrabaho bilang isang nurse sa isang *government hospital*. Masaya si Lola Da sa simpleng buhay nila sa Antipolo.

Lumapit si Jane sa kaniya. Dala-dala ang isang pulang paper bag na may dekorasyon na *Happy Birthday*. Bumeso si Jane sabay yakap kay Iska. "Laman ng *paper bag* na ito ang *happiness* na *deserve* mo, bes. Kaya huwag kang malungkot. *Sixteen* ka na. Matanda ka na!" sabay tawa habang iniaabot ang paper bag.

Tinanggap naman ito ni Iska. Sabay yakap rin sa kaibigan. Buti na lang talaga may isang Jane sa mundong puno ng Joshua. "Salamat, bes. Sana nga sumaya 'ko sa regalo mo."

"Buksan mo na. Makakalimutan mo si Joshua sa regalo ko." Sabik na sabik si Jane na malaman ni Iska ang regalo. Medyo kinakabahan si Iska. Tiningnan niya muna ang Lola Dada at Mommy Jo niya. Baka kung ano ang regalo ng kaibigan.

"Dito nga tayo sa gilid," sabi ni Iska. Baka kung ano kasi ang ibinigay ni Jane.

Tumungo sila sa sulok na bahagi ng sala. Binuksan ni Iska ang regalo ni Jane at nagulat siya sa laman niyon. Isang *set* ng *scented candles*. Alam ni Iska na gawa ito ni Jane dahil hindi pulido ang pagkakagawa niyon, hindi gaya ng makikita sa mga *malls*.

"Uy! *Thank you*, bes! Gawa mo ba 'to?" tanong ni Iska.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 68 11/20/2024 8:06:38 AM

Tumango si Jane. "Gawa ko 'yan! Matagal-tagal ko nang pina-practice ang paggawa ng *scented candles*. Baka kasi sa Senior High School, mag-STEM ako. You know, Science."

"Ano'ng connect nito sa kandila?" tanong pa ni Iska.

"Syempre, may kandila na *relaxing*. Gusto ko pang pag-aralan ano pa'ng pwedeng *benefits* ng mga kandila."

"Salamat, bes!"

"Saka, 'di ba, lagi mong sinasabi na nahihirapan kang makatulog o kaya lagi kang pagod paggising? Baka ma-relax ka sa kandila na 'yan."

Ang *hyper* ni Jane. Laging *excited*. Mahilig din ito sa Science at iba pang *biology-related* na bagay. Madalas niya rin itong tumitingin ng halaman sa hardin ni Lola Da.

Maganda at masayahin ang kaibigan. Hindi ito madalas magsuklay dahil nga maikli naman ang buhok. Natural na kasi sa kaniya ang pagiging maganda kaya naman hindi na kailangan ng masyadong effort ni Jane. Si Iska, kailangan ng mas maraming *effort* talaga.

"Salamat, bes! Alam mo, kahit anong regalo mo sa akin, oks na oks lang talaga, *promise*." Nag-pinky promise ang dalawa na akala mo ay ang bersiyon nila noong anim na taon sila.

Sa loob-loob ni Jane, sana maging ayos lang talaga si Iska sa susunod na mga araw. Sana makatulong din ang kandilang regalo niya.

ABALA ang lahat sa pagkukuwentuhan. Naririnig ang kalampagan ng pinggang pinagkainan. Si Tiya Oyang ang pinakamalakas kumain sa lahat. Katwiran niya, sayang ang matitirang pagkain. Si Tita Ela naman ang tagaligpit. Saktong *bossy* lang si Mommy Jo dahil panganay. Kaya lang, may napansin si Iska na kanina pa tumatawag sa kaniya. Ibinaba niya ang hawak na baso sa mesa. Hinanap niya ang boses.

"Psst! Psst!" tawag nito. Unang beses pa lang marinig ni Iska ang boses. Mapaglaro ang himig ng boses na ito. Ito ang boses na kapag narinig mo, hindi na makakalimutan sa sobrang pagiging kakaiba. Ang sigurado lang ni Iska, lalaki ang tumatawag sa kaniya.

"Iska! Iska!" Mas malinaw na ang boses. Nanggagaling ito sa kuwarto niya.

Pumunta si Iska sa kuwarto niya. Nakita niya ang tumawag sa kaniya. Isang maliit na nilalang. Nakasuot ito ng isang mahabang patusok na sumbrero na doble ang laki sa kaniya. Subalit, hindi gaya ng iba, isang dangkal lang ang taas nito.

Buong tapang na nagtanong si Iska. "Sino ka?" Kinusot niya ang mga mata. Baka namamalik-mata lang talaga siya.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 69 11/20/2024 8:06:38 AM

“Si Kiko!” sagot nito sabay talon sa kanang balikat ni Iska.

“Kilala ba kita?” napatingin si Iska sa kanang balikat niya. “Anong ginagawa mo rito? Sino ka? Bakit napakaliit mo? Bakit—” pinutol ng maliit na nilalang ang pagtatanong ni Iska.

“Iska.” Dismayadong pagtawag nito sa pangalan ng dalaga. “Ako ‘to, si Kiko. Kalaro mo ako simula noong bata ka pa, hindi ba? Ang bilis mo namang makalimot!” Napahalukipkip ang maliit na nilalang at tila nagtatampo sa kaniya.

Dahan-dahang dinampot ni Iska ang maliit na nilalang at inilagay sa palad niya. “Ang kilala kong Kiko, ’yong nuno na kinukuwento sa akin ni Lola. Pero hindi ako naniniwalang totoo ka. Baka nananaginip lang ako. O kaya, baka sobrang pagod lang ako *today*.”

Tumayo nang tuwid ang maliit na nilalang sa palad ni Iska. Kinagat niya ang daliri ni Iska.

“Aray! Anong ginagawa mo?” sigaw ni Iska.

“Hindi ka nananaginip. Totoo talaga ako.” Sumaludo ito na parang sundalo kahit naiinsulto. “Ako si Kiko, ang iyong konsiyensiya,” tumigil ito sandali. “Joke lang. Ako si Kiko na kaibigan at karakter sa kuwento ng lola mo noong bata ka pa,” paliwanag nito.

“Paano? *Joker* ka ba? Gawa-gawa ka lang ng lola ko,” tanong ni Iska. Umupo si Iska sa kama niya at maingat na inilapag si Kiko sa mesa. Marami siyang balak itanong kay Kiko. Nawala ang kaba ni Iska dahil pakiramdam niya, matagal na niyang kilala si Kiko.

“Nakalimutan mo na ba? Tuwing dumadaan ka sa hardin ng lola mo, kinakausap mo ako at ang mga halaman ninyo. Bago ka pumasok sa paaralan, lulukso-lukso ka pang bumabati ng magandang umaga sa amin. Pagkauwi mo naman, tatanungin mo kung nadiligan kami.”

Napatango si Iska. Tanda niyang ginagawa niya iyon noong bata siya. Wala siyang nakikitang masama dito dahil nakikita niyang ginagawa iyon ng kaniyang lola. Kaya naman, ginagawa niya rin. Pero hindi niya lubos-maisip na may isang Kiko pala sa likod ng mga hardin ng lola niya. Hindi rin niya eksaktong maalala si Kiko.

Naisip ni Iska na subukin si Kiko. Sa isip niya, hinuhulaan niya kung anong mangyayari kung kukuhanan niya ng larawan ang maliit na nilalang. Kaya naman, kinuhanan ni Iska ng picture si Kiko, pero sa preview ng litrato, wala siyang makitang kahit ano. Tanging mesa lang niya ang nakuhanan niya. Wala si Kiko. Hindi pa rin lubusang naniniwala si Iska.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 70 11/20/2024 8:06:38 AM

"Sige nga. Kung nuno ka talaga, gumawa ka ng *magic*." Hinamon ni Iska si Kiko.

"Anong *magic*, Iska? Nuno lang ako. Hindi ako *magician*," sagot ni Kiko.

Malapit nang mainis si Kiko. Pero wala siya sa posisyon para magreklamo. Ito ang utos sa kaniya ni Bathala. Hindi lang pala sa kaniya kundi sa buong pamilya niya.

Nagtanong uli si Iska. "Kung nuno ka, nasaan ang punso mo? Bakit nasa labas ka?"

Napabuntong-hininga na lang si Kiko. "Una sa lahat, nasa labas ang punso ko, *bestie*. Pangalawa, nasa labas ako, oo, pero ikaw lang at ang pamilya mo ang nakakakita sa akin."

"Anong klaseng nuno ka ba?" tanong ni Iska. Hindi ito ang nuno na nababasa niya sa aklat niya sa Filipino noon. Hindi rin ganito ang nuno sa telebisyon. Kakaiba nga.

"Ako ang nuno na *guide* mo sa Hiraya, Iska," tugon ni Kiko. "Lahat ng gaya mong espesyal na tao ay may nuno na *partner in crime*," paliwanag pa nito. "Mula ngayon, *bestie* na ang tawag ko sa iyo." Kumindat pa ang maliit na nilalang.

Napakunot-noo na lang si Iska. Hindi niya maunawaan ang lahat. "Hindi ko *gets*."

"Marami ka pang hindi mage-gets, *bestie*, sa ngayon. Pero dahil *sixteen* ka na. Unti-unti mo nang malalaman ang nakatadhana para sa iyo." Yumuko ito na parang tagapaglingkod ni Iska. "Maligayang kaarawan muli, *bestie*! Paalam!" Kumindat si Isko. Sa isang iglap, nawala ang maliit na nilalang sa harap niya.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 71 11/20/2024 8:06:38 AM